## APPLICATION

- Nauunawaan ni Jesus ang nararamdaman mo. Ano ang pagsubok na pinagdaraanan mo ngayon? Maglaan ng panahon para ilapit at ipagtapat ito kay Jesus.
- Dahil isinama tayo sa pamilya ni Jesus, maaari rin nating ipamahagi ang Kanyang pag-ibig sa iba. Sa anong paraan mo maipapakita ang pag-ibig ni Jesus sa iba ngayong linggo?
- Sino ang makakausap mo sa iyong pamilya o komunidad tungkol sa katotohanang si Jesus lamang ang makakapagligtas? Paano mo maibabahagi ang katotohanang ito sa iba upang sila rin ay maging bahagi ng pamilya ng Diyos?

## PRAYER

- Magpasalamat sa Diyos dahil ipinakita Niya ang Kanyang pag-ibig at kapangyarihan sa pamamagitan ng sakripisyo ni Jesus sa krus, at ng bawat araw ng iyong buhay.
- Hilingin sa Diyos na tulungan kang makita Siya nang malinaw at makilala ang pagkilos Niya sa iyong buhay. Ipanalangin na malinaw kang makapagbahagi at makapagbigay ng patotoo sa iba tungkol sa Kanyang kabutihan.
- Ipanalangin na magkaroon sa puso mo ng tapang na ipahayag ang pag-ibig, kapangyarihan, at pagbabagong sinimulan ni Jesus sa buhay mo para makita ng ibang tao ang ginagawa ng Diyos at mapalapit sila sa Kanya.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2025 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Bruce Chua, Ruth Gloria, Chrysse Pili, Janine Pineda, Mona Pondales, Jasmine Villegas

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.

# JESUS > Higit pa sa Mga Anghel

WEEK 2

## WARM-UP

- Ikwento ang isa sa mga pinakamakabuluhang ari-arian mo.
- Sino ang masasabi mong nagkaroon ng magandang impluwensya sa 'yo? Magkwento tungkol dito.
- Sino sa paligid mo ang masasabi mong may pangangailangan? Ano ang kailangan nila na tanging ibang tao lang ang makakapagbigay?

## WORD

*[5]Ngayon, tungkol sa mundong darating na sinasabi namin,*
*hindi ito ipinamahala ng Dios sa mga anghel. [6]Sapagkat*
*ito ang sinasabi ng Kasulatan: "O Dios, ano ba ang tao*
*upang inyong alalahanin? Sino nga ba siya upang inyong*
*kalingain? [7]Sa maikling panahon ginawa ninyong mas*
*mababa ang kalagayan niya kaysa sa mga anghel. Ngunit*
*pinarangalan n'yo siya bilang hari, [8]at ipinasakop n'yo sa*
*kanyang kapangyarihan ang lahat ng bagay." Ang sinasabi*
*ng Kasulatan na ipinasakop ang lahat ng bagay sa tao*
*ay nangangahulugang darating ang araw na walang*
*anumang bagay na hindi maipapasakop sa tao. Pero*
*ngayon, hindi pa natin nakikita na sakop ng tao ang lahat*
*ng bagay.* **HEBREO 2:5–8**

(Basahin din ang **HEBREO 2:9–18.**)

Noong isinulat ang liham para sa mga Hebreo, ang salitang *anghel* ay karaniwang tumutukoy sa kahit na sinong mensahero. Depende sa konteksto, maaaring sila ay mga taong isinugo tulad ng mga propeta, apostol, o tagapagdala ng balita, o kaya ay ang mga karaniwang inaakala natin—mga espirituwal na nilalang gaya ng mga anghel at demonyo. Ngayong araw, habang pinag-uusapan natin na si Jesus ay mas dakila pa sa mga anghel, makikita natin ang isang malinaw na kaibahan. Hindi Niya nakamit ang tagumpay sa pamamagitan ng karangyaan o kapangyarihan, kundi sa pamamagitan ng kahinaan, karupukan, at kamatayan. Tingnan

natin kung paano naging mas *higit pa si Jesus sa mga anghel* sa pamamagitan ng pagiging mas *mababa* sa mga anghel.

## 1 Si Jesus ay naging dugo at laman.

*At yamang ang mga anak ng Dios na binanggit niya ay mga taong may laman at dugo, naging tao rin si Jesus . . .* **HEBREO 2:14**

Hindi tulad ng mga anghel, si Jesus ay naging tao. Dahil dito, nauunawaan Niya tayo sa paraang hindi kayang gawin ng mga anghel. Naranasan Niya ang lahat ng damdaming pinagdaraanan natin—kagalakan, malasakit, kalungkutan, at dalamhati. Dito sa mundo, naranasan Niya ang masaktan, matukso, maitakwil, at mapagod. Ang mga anghel ay espirituwal na nilalang at hindi nila kayang makiramay o magligtas sa atin. Anong damdamin ang kaya mong ilapit kay Jesus dahil alam mong nauunawaan Niya ito? Si Jesus ay parehong tao at Diyos. Paano ka natutulungan ng kaalamang ito na mas makalapit pa sa Kanya?

## 2 Tinawag tayo ni Jesus na Kanyang mga kapatid.

*[12]Ito ang sinabi niya sa kanyang Ama: "Ipapahayag ko sa aking mga kapatid ang mga ginawa mo, at aawit ako ng papuri sa iyo sa piling ng mga sumasamba sa iyo." [13]Sinabi rin niya, "Magtitiwala ako sa Dios." At idinagdag pa niya, "Narito ako, kasama ang mga anak ng Dios na kanyang ibinigay sa akin."* **HEBREO 2:12–13**

Hindi tulad ng mga anghel, si Jesus ay naging kaisa natin. Higit pa sa pamumuhay bilang tao, itinuring Niya tayong kapamilya, mga kapatid Niya. Ipinahayag Niya kung paano magtiwala sa Diyos bilang Ama. Ipinakita Niya sa atin ang Kanyang ganap na tiwala at kapanatagan sa mga plano ng Diyos para sa Kanya. Ano ang isang bagay kung saan nagtiwala ka sa Diyos bilang Ama? Ayon sa Hebreo 2:17, paano naging isang mahabagin at tapat na punong pari si Jesus para sa atin?

## 3 Si Jesus ay ang ating Tagapagligtas.

*[14]At yamang ang mga anak ng Dios na binanggit niya ay mga taong may laman at dugo, naging tao rin si Jesus upang sa pamamagitan ng kanyang kamatayan ay malupig niya ang diyablo na siyang may kapangyarihan sa kamatayan. [15]Sa ganitong paraan, pinalaya niya sila na naging alipin ng takot sa kamatayan sa buong buhay nila.* **HEBREO 2:14–15**

Hindi tulad ng mga anghel, si Jesus ang Siyang nagligtas sa atin mula sa pagkaalipin, kamatayan, at kahinaan. Dahil lang sa pagiging katulad natin kaya Siya namatay na humantong sa pagkawasak Niya sa diyablo *na siyang may kapangyarihan sa kamatayan*. Hindi lang Niya nakamit ang tagumpay, kundi pinalaya rin Niya tayo mula sa *takot sa kamatayan*. Ito ang kwentong binaliktad, na sa Kanyang pagiging mas mababa kaysa sa mga anghel, napatunayan ni Jesus na Siya ang pinakadakila, ang Kataas-taasan, at ang pinakamahusay sa lahat. Sa huli, habang ang mga anghel ay mga tagapagdala ng mensahe, si Jesus naman ang tanging mensaheng nararapat na ipahayag. Sa anong mga paraan ka umasa noon sa ibang tao o bagay (maging sa iyong sarili) maliban sa Diyos para sa iyong kaligtasan? Ano ang sinasabi sa Mateo 20:28 tungkol sa pagligtas sa atin ni Jesus?